



MGA TAGUBILIN

94100159

2021-02-15



STAGE I AT II SPEAKER KIT - AIR COOLED FAIRING LOWER O TOUR-PAK (PN 76000984 AT 76000985)



PANGKALAHATAN

TALA

Ang QR code ay maaaring mai-scan lamang sa audio app ng Harley-Davidson.

Ang bagong kabit na audio system at mga speaker ay hindi magpe-play ng audio hangga't hindi ito naikukumpigura gamit ang audio app ng Harley-Davidson o ng isang awtorisadong dealership ng Harley-Davidson.

Talahanayan 1.

Harley-Davidson Audio Powered by Rockford Fosgate®	
Kit	QR Code
76000984 (Stage I)	
76000985 (Stage II)	

TALA

Ang iba't ibang henerasyon ng mga speaker, amplifier, at wiring para sa mga sasakyang Harley-Davidson ay hindi dinisenyo o sinubukan upang gumana nang sama-sama. Pakikonsulta ang iyong dealership upang matiyak ang pinakamahasay na paggana at pagkakatugma.

Ang Harley-Davidson Audio Powered by Rockford Fosgate speakers ay pinahasay ang tunog upang gumana kasama ng mga speaker na may parehong stage level (I o II). Ang mga output signal ng speaker ay itinatakda ng APP kasama ang lokasyon at stage level. Kapag mali ang pagkaka-configure sa mga pagtatalaga ng output ng speaker, mga stage number at lokasyon, hindi magkakaroon ng pagkasira, ngunit maaaring hindi maging kasinganda ang paggana.

Mga Modelo

TALA

Ang mga speaker na ito ay para LANG sa **2014 at mas bagong** mga Harley-Davidson na audio system. Ang paggamit sa mga

speaker na ito sa **2006-2013** na Harley-Davidson mga audio system **AY permanenteng makakasira sa mga ito.** Ang paggamit sa mga speaker na ito sa **2005 o mas maagang** Harley-Davidson na mga audio system **AY permanenteng makakasira sa mga iyon.**

Para sa impormasyon ukol sa fitment ng modelo, tingnan ang retail na katalogo ng P&A o ang seksyon ng Mga Piyesa at Accessory ng www.harley-davidson.com (Ingles lamang).

Siguraduhin na ginagamit mo ang pinakabagong bersyon ng pahina ng tagubilin na makukuha sa: h-d.com/isheets

Makipag-ugnayan sa Harley-Davidson Customer Support Center sa 1-800-258-2464 (para sa U.S. lang) o sa 1-414-343-4056.

Mga Kinakailangan sa Pagkakabit

I-download ang audio app ng Harley-Davidson.

Ang mga item na ito ay makukuha sa iyong dealership ng Harley-Davidson.

- **2014 at Mas Bagong FLHTKSE, FLTRUSE, at Touring:** Kailangan ng hiwalay na pagbili ng Harley-Davidson Primary Amplifier and Dongle Kit (Piyesa Blg. 76000997) para sa pagkakabit na ito.
- **2014 at Mas Bagong FLHTKSE, FLTRUSE, at Touring:** Kailangan ng hiwalay na pagbili ng Kit sa Pagkakabit ng Pangunahing Amplifier ng Harley-Davidson (Piyesa Blg. 76000974 o 76001045) para sa pagkakabit na ito.
- **2014 at Mas Bagong FLHTKSE, FLTRUSE, at Touring:** Kailangan ng hiwalay na pagbili ng Kit sa Pagkakabit ng Pangalawang Amplifier ng Harley-Davidson (Piyesa Blg. 76000975) para sa pagkakabit na ito. Nakadepende ito kung may anim o higit pang speaker at kung paanong itinalaga ang mga channel.
- **2014 at Mas Bagong Tri Glide:** Kailangan ng hiwalay na pagbili ng Harley-Davidson Primary Amplifier Installation Kit (Piyesa Blg. 76000976 o 76001046) para sa pagkakabit na ito.
- **2014 at Mas Bagong FLHTKSE, FLTRUSE at Touring o Tri Glide:** Maaaring kailanganin ang hiwalay na pagbili ng Harley-Davidson Tour-Pak Speaker Harness Install Kit (Piyesa Blg. 76000977) para sa pagkakabit na ito.
- **2014 at Mas Bagong Touring:** Maaaring kailanganin ng hiwalay na pagbili ng Harley-Davidson Air Cooled Fairing Lower Speaker Harness Install Kit (Piyesa Blg. 76000978) para sa pagkakabit na ito.

▲ BABALA

Ang kaligtasan ng nagmamaneho at pasahero ay nakasalalay sa tamang pag-i-install ng kit na ito. Gamitin ang naaangkop na mga pamamaraan sa manwal ng serbisyo. Kung ang pamamaraan ay hindi abot ng iyong kakayahan o wala kang mga angkop na kasangkapan, ipagawa sa isang dealer ng Harley-Davidson ang pag-i-install. Ang maling pag-i-install ng kit na ito ay maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00333b)

Inirerekomenda ang pagkakabit ng technician sa isang Harley-Davidson dealership.

Mga Nilalaman ng Kit

Tingnan ang Figure 4 at Talahanayan 2 .

MAGHANDA

▲ BABALA

Upang maiwasan ang aksidenteng pag-andar ng sasakyan, na maaaring magdulot ng kamatayan o malubhang pinsala, alisin ang pangunahing fuse bago magpatuloy. (00251b)

TALA

Tumutukoy ang pahina ng tagubilin na ito sa impormasyon tungkol sa manwal ng serbisyo. Ang manwal ng serbisyo para sa taon/modelo na ito ng motorsiklo ay kinakailangan para sa pagkakabit na ito. Mayroong isa na makukuha mula sa dealer ng Harley-Davidson.

1. Alisin ang kaliwang saddlebag (kung mayroon).
2. Alisin ang takip sa kaliwang bahagi.

TALA

Mga modelong may seguridad: I-disable ang sistema ng seguridad.

3. Tanggalin ang pangunahing fuse.

ALISIN

1. Alisin ang mga turnilyong nagkakabit sa OEM na speaker grille at speaker.
 - a. Itabi ang mga turnilyo para sa pagkakabit.
2. Tanggalin ang grille ng speaker.
3. Idiskonekta ang mga terminal at tanggalin ang speaker sa lalagyan
4. Ulitin ang hakbang 1-3 sa kabilang panig.

IKABIT

TALA

Tingnan ang Figura 4. Ang mga bagong grille ng speaker ay nakapartikular sa kakabitang panig. Ang Bar at Shield logo ay nakaharap sa inboard.

- Tiyakin na tama ang oryentasyon ng sagisag na Bar & Shield bago magpatuloy.

TALA

Ang magkakaibang sukat ng mga spade contact ay pumipigil sa hindi wastong pag-assemble.

1. Tingnan ang Figura 4. Ikabit ang speaker (2, 5 o 3, 4) sa lalagyan.

TALA

Tiyakin na tama ang oryentasyon ng sagisag na Bar & Shield bago magpatuloy.

- a. Tingnan ang Figure 1 o Figure 2 . I-akma ang puwesto ng speaker sa lalagyan.
 - b. Ikonekta ang mga terminal ng speaker.
2. Ikabit ang grille ng speaker (1 o 6).
 3. Ikabit ang mga turnilyo. Higpitan.
Torque: 1,6–2,2 N·m (14–19 in-lbs)
 - a. Gumamit ng pahalang na padron upang higpitan ang lahat ng apat na turnilyo.
 4. Ulitin ang hakbang 1-3 sa kabilang panig.




Figure 1. Tour-Pak Speaker Orientation




Figure 2. Air Cooled Speaker Orientation




Figure 3. Speaker Pod Grille (Kaliwang Bahagi Ang Ipinakikita)

KUMPLETUHIN

TALA

*Upang maiwasan ang posibleng pagkasira ng sound system, tiyakin na naka-OFF ang ignisyon **bago** ikabit ang pangunahing fuse.*

1. Ikabit ang pangunahing fuse.
2. I-ON ang ignisyon ngunit huwag paandarin ang makina ng motorsiklo.
3. Tiyakin na gumagana ang mga speaker at tama ang paggana ng fader function sa harap/likod.
 - a. Kung hindi, suriin ang wiring ng speaker.
 - b. Tingnan ang APP SETUP para sa signal ng channel ng speaker.
4. Ikabit ang takip ng kaliwang bahagi.
5. Ikabit ang kaliwang saddlebag (kung mayroon).

APP SETUP

1. [Unresolved graphic link \(id=40123-100120\)](#) Pag-access sa iyong audio system.
 - a. I-pair ang device (1) sa system.
 - b. I-access ang mga menu nga app (2) upang mai-setup ang sound system.

2. [Unresolved graphic link \(id=40123-100121\)](#) Scree ng main menu.
 - a. Icon ng main menu (1).
 - b. I-reset o palitan ang security personal identification number (PIN) (2).
 - c. I-edit at palitan ang pangalan ng iyong system (3).
 - d. I-customize ang main menu gamit ang larawan ng iyong bike (4).
 - e. Tagapagpahiwatig ng pagkakakonekta ng bluetooth. Ang slash through na simbolo ay nagpapahiwatig na: Hindi Nakakonekta (5).
3. [Unresolved graphic link \(id=40123-100122\)](#) Screen ng i-setup ang menu.
 - a. Icon ng i-setup ang menu (1).
 - b. Gamitin upang i-scan ang QR code (2) sa iSheet.
 - c. Manwal na pag-setup para sa Stage 1 o 2 na speaker, lokasyon ng speaker at white noise upang magtalaga ng mga lokasyon ng speaker.
4. [Unresolved graphic link \(id=40123-100123\)](#) Screen ng equalizer setup.
 - a. Icon ng equalizer setup (1)
 - b. Mga frequency ng tune 7-Band equalizer (2).
 - c. Custom o preset na mga pagpipilian sa equalizer (3).
5. [Unresolved graphic link \(id=40123-100124\)](#) Screen ng diyagnostikong menu.
 - a. Ang icon ng diyagnostikong menu (1) ay nagpapakita ng status ng sound system.
 - b. Buksan ang screen ng speaker testing (2).
 - c. Nire-refresh ang speaker at status ng amplifier (3) matapos ayusin ang component.
 - d. Piliin ang speaker para sa pagsubok at paggana ng white noise (4).
 - e. Bumalik sa screen ng diyagnostikong menu (5).

MGA PAMALIT NA PIYESA




Figure 4. Mga Pamalit na Piyesa, Kit ng Boom! Audio 6.5 in na Speaker sa Likod

Talahanayan 2. Mga Pamalit na Piyesa

Item	Paglalarawan (Dami)	Numero ng Piyesa	Numero ng Kit
1	Speaker grille, stage 1	76001028	76000984
	Speaker grille, stage 2	76001030	76000985
2	Speaker, stage 1	76000998	76000984
3	Speaker, stage 2	76000999	76000985
4	Speaker, stage 2	76001011	76000985
5	Speaker, stage 1	76001010	76000984
6	Speaker grille, stage 1	76001029	76000984
	Speaker grille, stage 2	76001031	76000985